AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

**WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL**

**Aralin 32**

| **Pambungad** |
| --- |
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

**Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 32**

Theme: Mga Bayani Sa Aking Paligid - “Si Aling Minerva Tindera”

Content Creator: April Grace M. Garcia

**Si Aling Minerva Tindera**

**WRITING PROMPT LESSON 32**

**---**

**I.Pagbati**

Magandang buhay, mga makata! Sa araw na ito, ating makikilala ang isa na namang bayani sa ating paligid. Handa na ba kayo? Ating kilalanin si Aling Minerva Tindera!

**II.Writing Prompt of the Day**

Sa gitna ng Enhanced Community Quarantine o ECQ nagkaroon sa inyong barangay ng maliit na talipapa upang mas mapadali ang pagpunta sa bilihan ng mga tao sa barangay. Kasama sa talipapang ito ang inyong kapitbahay na si Aling Minerva. Bago ang ECQ, siya ay nagtitinda sa palengke sa kabilang barangay, pero dahil nga sa mga naganap na lockdown, nagdesisyon siyang magtinda na lamang sa talipapang barangay upang makatulong sa inyong mga kabarangay na hirap makalabas. Kahit na may pangamba sa banta sa kalusugan, tuloy pa rin ang kanyang paggising ng maaga upang maserbisyuhan ang mga kabarangay.

Si Aling Minerva ba ay isang bayani?

•Bago mo nalaman ang kwento ni Aling Minerva, pumasok ba sa iyong isipan na ang mga tulad ni Aling Minerva ay bayani rin? Bakit oo? Bakit hindi?
•Matapos marinig ang kwento ni Aling Minerva, siya ba ay isang bayani?
•Bakit mahalaga ang tulad ni Aling Minerva sa ating komunidad?
•Ano ang maaaring mangyari kung wala ang mga tulad ni Aling Minerva sa ating komunidad?

**III.Teacher's Message**

Ating kilalanin at alamin ang kwento ng mga bayani sa ating paligid sa pamamagitan ng pagsagot sa ating mga katanungan. Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong mga saloobin pagkatapos, subukan niyo rin!

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."